

PATIENT RIGHTS AND RESPONSIBILITIES
(PCRCM – Revised August, 2018)
MGA KARAPATAN AT RESPONSABILIDAD NG PASYENTE
(PCRCM – Nirebisa Agosto, 2018)

PATIENT RIGHTS:
MGA KARAPATAN NG PASYENTE:

As our patient, we have the responsibility to respect, protect, and promote your rights. You are a key member of your Health Care Team and you have the right to:

Bilang aming pasyente, mayroon kaming responsibilidad na igalang, protektahan, at itaguyod ang iyong mga karapatan. Mahalaga kang miyembro ng iyong Team ng Pangangalagang Pangkalusugan at ikaw ay may karapatan na:

- Receive safe, quality care through the services that the hospital provides.
- Tumanggap ng ligtas at may kalidad na pangangalaga sa pamamagitan ng mga serbisyo na binibigay ng ospital.
- Receive care and have visitation privileges without being discriminated against because of age, race, color, national origin, language, religion, culture, disability, sex, gender identity or expression, sexual orientation, or ability to pay.
- Tumanggap ng pangangalaga at magkaroon ng mga pribilehiyo sa pagbisita nang hindi nakararanas ng diskriminasyon batay sa edad, lahi, kulay, bansang pinagmulan, wika, relihiyon, kultura, kapansanan, kasarian, sekswal na pagkakakilanlan o ekspresiyon, sekswal na oryentasyon, o kakayahan na magbayad.
- Choose who can and cannot visit you, without regard to legal relationship, race, color, national origin, religion, sex, sexual orientation, gender identity or disability. You may withdraw or deny consent for visitation at any time.
- Pumili kung sino ang maaari o hindi maaaring bumisita sa iyo, nang walang pagsasaalang-alang sa legal na kaugnayan, lahi, kulay, bansang pinagmulan, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, sekswal na pagkakakilanlan o kapansanan. Maaari mong bawiin o tanggihan ang pahintulot para sa pagbisita anumang oras.
- Be informed when the hospital restricts your visitation rights for your health or safety, or the health or safety of patients, employees, physicians or visitors.
- Mabigyan ng kaalaman kung pinagbabawal ng ospital ang iyong mga karapatan sa pagbisita para sa iyong kalusugan o kaligtasan, o sa kalusugan o kaligtasan ng mga pasyente, mga empleyado, mga doktor o mga bisita.
- Be informed of the hospital's policies about your rights and health care.
- Mabigyan ng kaalaman tungkol sa mga patakaran ng ospital tungkol sa iyong mga karapatan at pangangalagang pangkalusugan.

- Be treated with respect and dignity and be protected from abuse, neglect, exploitation and harassment.
- Pakitunguhan nang may paggalang at dignidad at maprotektahan mula sa pang-aabuso, pagpapabaya, pagsasamantala at panliligalig.
- Have your own physician and/or a family member, support person, or other individual be notified promptly of your admission to the hospital.
- Mabigyan ng agarang abiso ang iyong sariling doktor at/o miyembro ng pamilya, indibidwal na nagbibigay ng suporta, o iba pang indibidwal tungkol sa iyong pagpasok sa ospital.
- Know the names and roles of hospital staff caring for you.
- Malaman ang mga pangalan at tungkulin ng mga kawani ng ospital na nag-aalaga sa iyo.
- Have a family member, support person, or other individual present with you for emotional support during the course of your stay, unless the individual's presence infringes on others' rights, safety, or is medically or therapeutically contraindicated.
- Magkaroon ng miyembro ng pamilya, indibidwal na nagbibigay ng suporta, o iba pang indibidwal na sasamahan ka upang magbigay ng emosyonal na suporta sa panahon ng iyong pananatili, maliban na lamang kung ang presensya ng indibidwal na iyon ay lumalabag sa mga karapatan at kaligtasan ng iba, o kaya naman ito ay isang medikal na kontraindikasyon o kontraindikasyon sa paggaling.
- Have a family member, support person, or other individual involved in treatment decisions or make health care decisions for you, to the extent permitted by law.
- Magkaroon ng miyembro ng pamilya, indibidwal na nagbibigay ng suporta, o iba pang indibidwal na nakikilahok sa mga desisyon sa paggamot o nakakapagpasya ukol sa pangangalagang pangkalusugan para sa iyo, sa abot ng saklaw na pinapayagan ng batas.
- Have an Advance Directive (health care directive, durable power of attorney for health care, or living will) that states your wishes and values for health care decisions when you cannot speak for yourself.
- Magkaroon ng Paunang Tagubilin (Advance Directive) (tagubilin sa pangangalagang pangkalusugan, matibay na kapangyarihan ng abogado para sa pangangalagang pangkalusugan (durable power of attorney), o tagubilin sa pamumuhay (living will)) na nagsasaad ng iyong mga kahilingan at mga paniniwala para sa mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan kapag hindi mo kayang magsalita para sa iyong sarili.
- Be informed about your health problems, treatment options, and likely or unanticipated outcomes so you can take part in developing, implementing and revising your plan of care and discharge planning. Discharge planning includes deciding about care options, choice of agencies or need to transfer to another facility.

- Mabigyan ng kaalaman tungkol sa iyong mga problema sa kalusugan, mga pagpipilian sa paggamot, at mga posible o hindi inaasahang kahihinatnan upang ikaw ay makilahok sa pagpapaunlad, pagpapatupad at pagbabago ng plano sa iyong pangangalaga at pagpapalano ng iyong paglabas sa ospital. Kasama sa pagpapalano sa paglabas ang tungkol sa pagpasya ng mga pagpipilian sa pangangalaga, pipiliing mga ahensya o ang pangangailangan na lumipat sa ibang pasilidad.
- Have information about the outcome of your care, including unanticipated outcomes.
- Magkaroon ng impormasyon tungkol sa kinahinatnan ng iyong pangangalaga, kabilang ang mga hindi inaasahang kinahinatnan.
- Request, accept and/or refuse care, treatment or services as allowed by hospital policy and the law, and be informed of the medical consequences of your any refusal of care.
- Humiling, tumanggap at/o tumanggi sa pangangalaga, paggamot o mga serbisyo batay sa pinahihintulutan ng patakaran ng ospital at ng batas, at mabigyan ng kaalaman tungkol sa mga medikal na kahihinatnan ng anuman sa iyong pagtanggap sa pangangalaga.
- Ask for a change of care provider or a second opinion.
- Humiling na palitan ang provider ng pangangalaga o humingi ng ikalawang opinyon.
- Have information provided to you in a manner that meets your needs and is tailored to your age, preferred language, and ability to understand.
- Mabigyan ng impormasyon sa paraan na napupunan ang iyong pangangailangan at naaayon sa iyong edad, piniling wika, at kakayahang umintindi.
- Have access to an interpreter and/or translation services to help you understand medical and financial information.
- Magkaroon ng access sa isang tagasalin at/o serbisyo sa pagsasalinwika upang matulongan kang maintindihan ang medikal at pinansyal na impormasyon.
- Have your pain assessed and managed.
- Masuri at magamot ang iyong pananakit.
- Have privacy and confidentiality when you are receiving care.
- Mabigyan ng respeto ang iyong pagkapribado at pagkakumpidensiyal habang tumatanggap ka ng pangangalaga.
- Practice and seek advice about your cultural, spiritual and ethical beliefs, as long as this does not interfere with the well being of others.
- Isagawa at humingi ng payo tungkol sa iyong mga kultural, espirituwal at etikal na paniniwala, hangga't hindi ito nakaaantala sa kapakanan ng iba.
- Request religious and spiritual services.
- Humiling ng mga relihiyoso o espirituwal na serbisyo.

- Request a consult from the Ethics Committee to help you work through difficult decisions about your care.
- Humiling ng pagkonsulta mula sa Komite sa Etika upang matulungan kang makayanan ang mga mahirap na desisyon tungkol sa iyong pangangalaga.
- Consent or refuse to take part in research studies as well as recordings, films or other images made for external use.
- Pumayag o tumanggi na maging bahagi ng pananaliksik pati na rin ng mga recording, pelikula o iba pang mga imahe na ginawa para gamitin sa labas.
- Be free from restraints or seclusion, unless medically necessary or needed to keep you or others safe. If necessary, any form of restraint or seclusion will be performed in accordance with safety standards required by state and federal law.
- Maging malaya mula sa mga gapos o pagbubukod, maliban na lamang kung kailangan sa paggamot o kailangan upang panatilihin ka o ang iba na ligtas. Kung kinakailangan, isasagawa ang anumang paraan ng paggapos o pagbubukod ayon sa mga pamantayan sa kaligtasan na kinakailangan ng batas ng estado at ng pederal na batas.
- Have a safe environment, including zero tolerance for violence, and the right to use your clothes and personal items in a reasonably protected environment.
- Magkaroon ng ligtas na kapaligiran, kabilang ang hindi pagkunsinti sa karahasan, at ang karapatan na magamit ang iyong mga damit at mga personal na kagamitan sa isang kapaligiran na protektado nang husto.
- Take part in decisions about restricting visitors, mail or phone calls.
- Makilahok sa pagpapasya sa pagbabawal ng mga bisita, sulat o mga tawag.
- Receive protective oversight while a patient in the hospital, and receive a list of patient advocacy services (such as protective services, guardianship, etc.).
- Makatanggap ng protektadong pagbabantay habang nasa loob ng ospital bilang pasyente, at makatanggap ng listahan ng mga serbisyo sa adbokasiya para sa pasyente (tulad ng mga serbisyo sa proteksiyon, pangangalaga, atbp.).
- Receive compassionate care at the end of life.
- Makatanggap ng mahabaging pangangalaga sa pagtatapos ng buhay.
- Donate, request or refuse organ and tissue donations.
- Mag-donate, humiling o tumanggi sa mga donasyon ng organ o tisyu.
- Review your medical record and receive answers to questions you may have about it. You may request amendments to your record and may obtain copies at a fair cost in a reasonable time frame.
- Suriin ang iyong medikal na tala at makatanggap ng mga kasagutan sa iyong mga katanungan tungkol dito. Maaari kang humiling ng mga pagbabago sa iyong tala at humingi ng mga kopya na may wastong halaga sa makatuwirang panahon.

- Have your records kept confidential; they will only be shared with your caregivers and those who can legally see them. You may request information on who has received your record.
- Mapanatiling kumpidensiyal ang iyong mga tala; ibabahagi lamang ang mga ito sa iyong mga tagapangalaga at sa mga taong may legal na karapatan na makita ang mga ito. Maaari kang humiling ng impormasyon tungkol sa kung sino ang nakatanggap ng iyong tala.
- Receive a copy of and details about your bill.
- Tumanggap ng kopya at mga detalye tungkol sa iyong bill.
- Ask about and be informed of business relationships among payors, hospitals, educational institutions, and other health care providers that may affect your care.
- Magtanong tungkol sa at mabigyan ng kaalaman sa mga ugnayan sa negosyo ng mga nagbabayad, ospital, institusyong pang-edukasyon, at iba pang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring makaapekto sa iyong pangangalaga.
- Know the hospital's grievance process and share a concern or grievance about your care either verbally or in writing and receive a timely written notice of the resolution. If you have a grievance or concern, please contact Corporate Compliance at 573-458-7613. You may also contact Corporate Compliance at 1-844-840-8229.
- Malaman ang proseso sa hinaing ng ospital at magbahagi ng alalahanin o hinaing tungkol sa iyong pangangalaga sa pamamagitan ng pagsalita o pagsulat at makatanggap ng nakasulat na abiso ng resolusyon nang nasa oras. Kung ikaw ay may hinaing o alalahanin, mangyaring tumawag sa Corporate Compliance sa 573-458-7613. Maaari mo ring tawagan ang Corporate Compliance sa 1-844-840-8229.

Missouri Department of Health & Senior Services
 Health Services Regulation
 P.O. Box 570
 Jefferson City, MO 65102-0570
 Phone: 1-573-751-6303

Missouri Department of Health & Senior Services
 Health Services Regulation
 P.O. Box 570
 Jefferson City, MO 65102-0570
 Telepono: 1-573-751-6303

The Joint Commission
 Office of Quality Monitoring
 One Renaissance Boulevard
 Oakbrook Terrace, IL 60181
 Email: complaint@jointcommission.org
 Fax: 1-630-792-5636
 Complaint Line: 1-800-994-6610

The Joint Commission
Office of Quality Monitoring
One Renaissance Boulevard
Oakbrook Terrace, IL 60181
Email: complaint@jointcommission.org
Fax: 1-630-792-5636
Linya para sa Hinaing: 1-800-994-6610

Primaris, Inc.
Quality Improvement Organization
200 North Keene Street
Columbia, MO 65201
Medicare Beneficiary Protection Hotline: 1-800-347-1016
Premature Discharge Appeals: 1-866-902-1813

Primaris, Inc.
Quality Improvement Organization
200 North Keene Street
Columbia, MO 65201
Hotline para sa Proteksiyon sa Beneficiary ng Medicare: 1-800-347-1016
Mga Apela sa Maagang: 1-866-902-1813

PATIENT RESPONSIBILITIES MGA RESPONSABILIDAD NG PASYENTE

You and/or your family member, support person, or other designated individual acting on your behalf have the responsibility to:

Ikaw at/o ang iyong miyembro ng pamilya, indibidwal na nagbibigay ng suporta, o iba pang naatasang indibidwal na kumilos sa iyong ngalan ay may responsibilidad na:

- Provide correct and complete information about yourself and your health, including present complaints, past health problems and hospital visits, medications you have taken and are taking (including prescriptions, over-the-counter and herbal medicines), and any other information you think your caregivers need to know.
- Magbigay ng wasto at kumpletong impormasyon tungkol sa iyo at iyong kalusugan kabilang ang mga kasulukuyang hinaing, nakaraang problema sa kalusugan at mga pagbisita sa ospital, mga gamot na ininom mo at kasalukuyang iniinom (kabilang ang mga reseta, mga gamot na walang reseta (over-the-counter) at mga herbal na gamot), at iba pang mga impormasyon na sa iyong palagay ay kailangan malaman ng iyong mga tagapangalaga.

- Follow your agreed-upon care plan and report any unexpected changes in your condition to your doctor.
- Sundin ang napagkasunduang plano sa pangangalaga at iulat ang anumang hindi inaasahang pagbabago sa iyong kondisyon sa iyong doktor.
- Ask questions when you do not understand your care, treatment, and services or what you are expected to do. Express any concerns about your ability to follow your proposed care plan or course of care, treatment, and services.
- Magtanong kung hindi mo naiintindihan ang iyong pangangalaga, paggamot, at mga serbisyo, o kung ano ang mga inaasahan na iyong gawin. Ipahayag ang anumang mga alalahanin tungkol sa iyong kakayahan na sundin ang iminungkahing plano sa pangangalaga o direksiyon ng pag-alaga, paggamot, at mga serbisyo.
- Accept consequences for the outcomes if you do not follow the care, treatment, and service plan.
- Tanggapin ang mga kahihinatnan para sa mga resulta kung hindi mo susundin ang plano sa pangangalaga, paggamot at serbisyo.
- Speak up and share your views about your care or service needs and expectations, including your pain needs and any perceived risk or safety issues.
- Magsalita at magbigay ng iyong mga pananaw tungkol sa iyong pangangalaga o mga pangangailangan sa serbisyo at mga inaasahan, kasama ang mga pangangailangan mo kaugnay sa pananakit at anumang itinuturing na panganib o isyu sa kaligtasan.
- Provide correct and complete information about your Advance Directive if you have one and provide a current copy.
- Magbigay ng wasto at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong Paunang Tagubilin (Advance Directive) kung mayroon ka at magbigay ng kasalukuyang kopya.
- Respect the rights, property, privacy, dignity, and confidentiality of patients and others in the hospital.
- Igalang ang mga karapatan, pagmamay-ari, pagkapribado, at pagkakumpidensiyal ng mga pasyente at ng iba pa sa ospital.
- Be respectful in your interactions with other patients, employees, physicians and visitors without regard to age, race, color, national origin, language, religion, culture, disability, socioeconomic status, sex, gender identity or expression, or sexual orientation.
- Maging magalang sa iyong mga pakikipag-ugnayan sa ibang mga pasyente, empleyado, doktor at bisita anuman ang kanilang edad, lahi, kulay, bansang pinagmulan, wika, relihiyon, kultura, kapansanan, estadong panlipunan at pang-ekonomiya, kasarian, sekswal na pagkakakilanlan o ekspresiyon, o sekswal na oryentasyon.

- Follow instructions, hospital policies, rules and regulations which include respecting property and helping control noise.
- Sumunod sa mga tagubilin, patakaran ng ospital, mga tuntunin at regulasyon kung saan kabilang ang paggalang sa pagmamay-ari at pagtulong na makontrol ang ingay.
- Leave your valuables and personal belongings at home, have your family members take them home, or have them placed with Security until you are discharged.
- Iwanan ang iyong mahahalagang gamit at mga personal na gamit sa bahay, ipauwi ang mga ito sa bahay sa mga miyembro ng pamilya, o ipalagay ang mga ito sa Security hanggang sa iyong paglabas ng ospital.
- Keep our environment tobacco-free. You may not use any tobacco products while inside or outside this health care facility.
- Panatilihin walang tabako ang ating kapaligiran. Hindi ka maaaring gumamit ng mga produktong tabako habang nasa loob o labas ng pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan na ito.
- Keep a safe environment free of drugs, alcohol, weapons, and violence of any kind, including verbal intimidation.
- Panatilihin ligtas ang kapaligiran mula sa droga, alak, armas, at anumang uri ng karahasan, kasama ang berbal na pananakot.
- Provide correct and complete information about your financial status as best you can and promptly meet any financial obligations to the hospital.
- Magbigay ng wasto at kumpletong impormasyon tungkol sa iyong pinansyal na kalagayan sa abot ng iyong makakaya at mabilis na tugunan ang anumang pinansyal na pananagutan sa ospital.
- For more information about your Patient Rights and Responsibilities, please call Corporate Compliance at 573-458-7613.
- Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Karapatan at Responsibilidad ng Pasyente, mangyaring tumawag sa Corporate Compliance sa 573-458-7613.